

CHAPTER *One*

Pagkatapos ng mahabang biyahe mula sa Pilipinas ay excited na lumabas ng *Dubai Airport* si Nicole. Sumakay siya ng taxi papunta sa hotel kung saan siya naka-book.

Sunday ang start ng training. Tatlong taon na siyang nagtatrabaho bilang training specialist sa isang kompanya at kadalasan ay siya ang ipinapadala para sa training abroad. Hindi ito ang first time niyang magpunta ng Dubai, pero hindi pa rin niya maiwasang ma-excite sa naglalakihang gusali at magagandang landmarks ng nasabing bansa.

Ten days din siyang mamamalagi rito kaya inihanda na niya ang kanyang itinerary upang mapuntahan ang mga lugar na gusto niya habang

naririto siya. Almost twelve midnight na sa Dubai at araw ng Sabado ngayon. May isang araw pa siya para mag-relax kasi bukas pa ang start ng training niya. Dito kasi sa Dubai, ang first day ng work at school ay Linggo.

“Hi, I’m Nicole and I have a reservation.”

“Hi, Ma’am, good evening. Welcome to *Rotana Hotel*. May I have your booking reference?”

Ibinigay niya ang printout ng hotel booking niya. Ni hindi niya namalayan na kanina pa siya tinitingnan ng lalaking katabi niya sa reception desk ng hotel.

“Thank you for waiting, Ma’am Nicole. Here’s your key for room 403. Enjoy your stay.”

Masaya niyang tinanggap ang access card at dumerecho na sa elevator. Habang naghihintay na bumaba ang lift ay abala pa rin siya sa pagbabasa ng email sa mobile phone niya kaya hindi pa rin niya napapansin ang lalaking kanina pa nakatingin sa kanya. Pagpasok ng elevator ay sabay pa sila pumindot ng lalaki sa numerong 4 sa panel. Doon pa lang siya napatingin dito at sabays ilang nagsabi ng ‘sorry’.

Nginitian siya ng estranghero, sa tingin niya ay Amerikano ito. Ang lalaking kasabay niya sa elevator

ay super guwapo at may dimple pa habang nakangiti sa kanya. Ang pupula ng labi nito, pero hindi niya makita ang kulay ng mga mata. Sa tingin niya ay nasa early thirties ang edad ng lalaki. At that moment, ang bilis ng tibok ng puso niya.

Ngumiti siya rito pero dahil nahihiya ay nagtuluy-tuloy na lang siya sa pagbabasa ng emails sa telepono niya. Hindi niya napansin na nakatitig lang sa kanya ang kasabay niyang foreigner.

“You’re Filipina, right?” tanong nito sa kanya.

“Yes,” sagot niya, sabay tango.

“Kung hindi ako nagkakamali, nagkakilala na tayo dito sa Dubai. You look familiar. Were you here six months ago?”

Napakunot-noo si Nicole at namukhaan ang lalaking ito. “Yes, tama ka; nagkakilala na nga tayo six months ago,” nakangiting sagot niya saka pilit inalala kung paano niya ito nakilala. “Andito ako six months ago dahil um-attend ako ng training. I’m sorry, pero hindi ko maalala ang name mo.”

“Alexander Travis.” Inilahad nito ng kamay sa kanya.

Tinanggap niya ang pakikipagkamay ng kausap. “Nicole Mendoza.” Nang magsalikop ang kanilang mga kamay ay nakaramdam siya ng kakaiba. Hindi

niya maialis ang pagkakatingin dito. He looked so handsome.

Tumigil ang elevator sa fourth floor at lumabas na siya para hanapin ang kanyang silid. Ramdam niyang nakasunod sa kanya si Alexander.

“I’ll help you, Nicole,” anito at akmang kukunin sana ang maleta niya.

Pero binalewala niya ito at dali-daling hinanap ang kuwarto niya. “No need, Alexander, kaya ko na ito.” Finally, nakita na niya ang room 403 at excited na pumasok doon. “Bye, Alexander.”

“Bye, Nicole.”



Nanghinayang si Alexander na hindi sila nagkausap nang matagal ni Nicole na kanina pa niya nakita sa reception area hanggang sa makasabay niya sa elevator. Ewan ba niya pero parang natorpe siya. Nawala ang lakas ng loob niyang makipagkilala muli rito. Bukod sa maganda na, fair-complexioned, at matangkad ay pantay-pantay pa ang ngipin ng babae. Ang ganda ng ngiti nito!

Five days na siyang nandito sa Dubai para magbakasyon. Marami na siyang nakilalang mga babae, but that girl was exceptional. Hopefully, makita niya ito bukas. Kung sinusuwerte nga naman

ay magkatapat pa ang mga silid nila. Mukhang destined talaga na magkakilala sila. Bukas na bukas ay hindi niya palalampasin ang pagkakataon na makilala itong mabuti.

Nandito ang binata for a one-month vacation. Napagpasyahan niyang magbakasyon muna kasi sobrang pressure ang nagdaang buwan sa trabaho niya. Mayroon silang family business na fine dining restaurant sa New York. Ang mommy niya ay isang Filipina at ang daddy niya ay Amerikano. Sinabi ng kanyang ina na masyado raw malakas ang dugo ng father niya kasi mukhang wala siyang nakuhang lahing Pinoy. Namana niya sa ama ang pagkakaroon ng blue eyes. Mayroon naman siyang nakuha sa mom niya, ang pagsasalita ng Tagalog.

Marami ang nagkakagusto sa kanya. Maganda kasi ang naging combination ng dugo ng kanyang mga magulang.

Solong anak si Alexander kaya naibibigay ng mga magulang niya ang lahat ng kanyang pangangailangan. Alam niyang mahal na mahal siya ng mga ito at hanga siya sa tagal ng pagsasama ng parents niya. Sa edad niyang treinta ay magkasama pa rin ang mag-asawa through thick and thin. Umaasa siyang makakakita rin ng babaeng kasimbait

at down-to-earth na katulad ng mommy niya.

Alam niyang may kakaiba sa babaeng nakilala niya. Para tuloy siyang na-love at first sight. From that moment na nakita niya ito ay hindi niya magawang alisin ang pagkakatingin dito. Buti na lang at busy ito sa pagpindot sa cellphone kaya hindi napansin na pinagmamasdan niya ito nang matagal. Hindi niya palalampasin na makausap ito nang matagal bukas.



Sinimulan na ni Nicole ang paglalagay ng kanyang mga damit sa cabinet nang tumunog ang cellphone niya.

“Hello, ‘Nay. Kumusta po? ‘Andito na po ako sa Dubai. Nakatulog po ba kayo? Alas cuatro lang yata ng madaling-araw diyan.”

“Oo, nakatulog naman ako. Nag-alarm talaga ako nang maaga kasi nga s’abi mo baka four a.m. dito sa ‘Pinas ay nand’yan ka na sa Dubai. Kumusta naging biyahe mo?”

“Okay naman po. Kararating ko lang dito sa hotel. Eto, nag-aayos ng gamit ko. Don’t worry po, okay lang ako. Matulog pa kayo. ‘Wag n’yo na kasi akong alalahanin. Nakailang beses na akong nagpabalik-balik dito, para naman kayong bago

nang bago. Matutulog na po ako pagkatapos kong maayos ang gamit ko. Nakakapagod ang byahe.”

“Sige, anak, basta mag-iingat ka lagi d’yan. And keep in touch.”

“Yes po, don’t worry, ’Nay, I’ll be fine. Pakisabi na lang kay Tatay na okay lang po ako dito. Ten days lang naman ako mawawala. Ingat din kayo nina Tatay. Love you po.”

“Love you, anak. ‘Bye.”

Sobra kasi kung mag-alala ang nanay niya. Apat silang magkakapatid at si Nicole ang panganay. Ang mga sumunod sa kanya ay pulos lalaki kaya ganoon na lang kung mag-alala ang magulang niya sa kanya. Every weekend na lang siya nakakauwi sa kanila dahil nasa Taguig ang trabaho niya. Binilhan siya ng ama ng condo unit na malapit rin sa pinagtatrabahuan niya.

Natapos din ng dalaga ang pag-aayos ng gamit niya. Maghihilamos lang siya at matutulog na.

Kinabukasan ay tanghaling tapat na siya nagising. Okay naman pakiramdam niya kaya plano niyang mamasyal ngayon.

Paglabas niya ng hotel ay medyo malamig ang panahon. Buti na lang at naka-jacket siya. January kasi kaya winter pa.

Naisip niyang ang sarap ng ganitong feeling na mag-business trip or vacation. Pero hindi naman sila mayaman. At least, nakakaraos naman sila sa buhay. Nakapag-abroad kasi ang tatay niya kaya marami na rin itong naipundar. Isa na nga rito ay ang condo unit na tinitirhan nila ng kapatid niya. Matagal nang nagretiro ang kanyang ama. Sa ngayon ay inaasikaso ng mag-asawa ang mga franchising business nila.

Napagod na siya sa kalalakad sa paligid ng hotel kaya tumigil muna siya sa isang coffee shop. Pgakatapos ay nagpasya siyang bumalik sa hotel. Nakatulog siya at paggising niya ay halos alas siete na ng gabi.

Napagdesisyunan niyang bumaba at mag-dinner muna bago magpahinga. Pakiramdam niya kasi ay pagod pa rin siya. Umupo siya sa table for two at naghintay na lumapit ang waiter.

“Hi, Ma’am, good evening. I am Mohamad and I’ll be assisting you tonight. Here’s the menu, just call me if you want to order.”

“I’ll order now. Can I have lemon mojito and fettuccini with garlic bread, please?”

“Of course, Ma’am. Anything else?”

“That’s all, thank you.”

Nang umalis ang waiter ay nagmasid si

Nicole sa paligid ng restaurant. Crowded na kaya masuwerte siyang may nakita pa siyang available table. Napansin niya si Alexander, ang lalaking nakasabay niya kanina sa elevator. Was it a coincidence na nandito rin ito? Nakita niyang nakatingin ito sa gawi niya dahil katapat niya ang table nito.

Ngumiti ito sa kanya. Ngumiti rin siya rito pero sa halip na makipagtitigan ay ibinaling niya ang atensyon sa telepono. Ilang sandali pa'y dumating na ang order niya at sinabi ng waiter na mayroon siyang complimentary drink.

“Are you sure it’s mine?” tanong niya rito.

“Yes, Ma’am, from the guy accross your table.”

Lumington siya sa gawi ni Alexander at nakita niyang itinaas nito ang inumin na kaparehas ng ibinigay sa kanya. Itinaas niya ang glass of champagne na ibinigay sa kanya bilang gesture ng pasasalamat.

“Okay, that’s all.” At umalis na ang waiter. Pinigilan niyang mapalingon sa table na katapat niya at nagsimula na siyang kumain. Napansin niyang tumayo si Alexander at tumigil sa tapat niya.

“Hi, Nicole, puwede bang makiupo? If that’s okay

with you?” nag-aalangang tanong nito sa kanya.

“Okay, fine.” Feeling tuloy niya ay ang pula ng mukha at mga tainga niya; ganito kasi siya pag nahihiya. Sa edad na beinte-cinco ay nagkaroon naman siya ng boyfriend from high school at noong college days, pero hindi umabot sa seryosohan dahil siya ang panganay na anak. Nag-focus na lang muna sa pag-aaral. Hanggang sa nagkaroon siya ng trabaho at naging training specialist. May mga nanliligaw sa kanya, pero hindi niya sineryoso.

“Actually, patapos na akong kumain. Thank you nga pala sa champagne.”

“You’re welcome, pero mukhang hindi mo nainom.”

“Oh, I’m sorry pero ayaw ko kasing malasing at may training ako bukas. Naalala ko na kung saan tayo nagkakilala six months ago. Nagkakilala tayo sa Desert Safari. ‘Andoon kami sa cubicle at nagsuot kami ng mga kasama ko ng abaya at nagpa-picture kami sayo,” nakangiting kuwento niya.

Nagkagusto kasi rito ang kasama niyang si Karen kaya pinagtripan nilang magpa-picture dito para makilala ito. Kahit siy ay nagka-crush kay Alexander. Napakaguwapo naman kasi talaga nito at natuwa pa sila nang malaman nilang Fil-Am ito.

“Paano ko naman makakalimutan ang time na ‘yun? You were so cute sa suot mong abaya.” Pinamulahan tuloy siya ng mga pisngi. “Hindi ko akalain na magkikita ulit tayo dito sa Dubai. After d’un sa cubicle ng abaya ay tinulungan n’yo akong bumili ng mga souvenirs and then nanood pa tayo ng show. Remember the belly dancing? Pati ‘yung tour natin sa museum.

“Inaya n’yo pa akong mag-dinner kaso ang tahi-tahimik mo. Naghahanap lang ako ng chance na magkausap tayo, pero ‘yung kaibigan mo ang panay ang lapit sa akin. Hanggang sa hindi na ako nagkaroon ng chance na makausap ka. Sa kagustuhan kong makita ka ulit ay pumayag ako na makuha ang number ni Karen, pero sinabi niya sa akin na umuwi ka na sa Pilipinas kinabukasan. Nanghinayang ako na hindi man lang tayo nagkausap.”

Nagulat ang dalaga sa rebelasyon nito. Lalong pinamulahan ang mukha at mga tainga niya.. Nainom niya tuloy ang champagne na ibinigay nito sa kanya. “Really?”

“Yes. Mukhang pinagtatagpo talaga tayo ng tadhana. Buti na lang at parehong hotel ang tinutuluyan natin.” Titig na titig sa kanya si Alexander.

“So may contact pa kayo ni Karen?”

“Oo, pero ang totoo niyan, nakipagkita pa ako sa kanya the next day para lang itanong ang full name mo. At sinabi ko sa kanya na I like you. Well, ibinigay naman niya ang full name mo, ‘yun nga lang naka-private ang profile mo sa *FB*. Sinubukan kong i-add ka, pero mukhang hindi ka interested.”

“I’m sorry, pero hindi kasi ako mahilig mag-add ng friends sa *FB*. Lalo na kung walang mutual friend.”

“Yun din ang naisip ko. Anyway, tinawagan ko si Karen that time at sinabi niya sa akin na malimit ka naman daw mag-training dito sa Dubai. Pareho pala kayo ng pinagtatrabahuhang company. ‘Yung company mo ay dealer sa Pilipinas.”

“Oo. Sinabi ba niya sa ‘yo na ‘andito ako ngayon sa Dubai?”

“Fortunately, sinabi niya sa akin.”

Nanlaki ang mga mata niya sa confirmation nito. *Naku, lagot sa akin si Karen!* “So hindi ka naman stalker ng lagay na ‘yan?”

“Hindi naman,” nakangiting sagot nito.

Lumingon siya sa gawi ng waiter at tinawag ito. “Can I have my bill?”

“It’s already paid, Ma’am.”

“Oh, really?” Alam niyang si Alexander ang nagbayad. Binalingan niya ito. “So, binayaran mo ang inorder ko?”

“Yes,” nakangiti nitong tugon.

Hindi maipaliwanag ni Nicole kung maiinis ba sa taong ito o ngingitian niya. Sa huli ay nginitian na lang niya ang lalaki. “Well, this is it, Alexander. Nice talking to you, pero kailangan ko nang magpahinga at maaga pa ako bukas para sa training. Salamat.”

“You’re welcome, Nicole.”

“Sige, ‘balik na ako sa room ko. Hope you don’t mind?”

“No, okay lang. Go ahead.”

Tumayo na ang dalaga at lumabas ng restaurant. Ayaw niyang maging bastos, pero naiirita siya sa mga taong papampam. Sinabi ni Alexander na hindi ito stalker, pero ano ang ginagawa nito ngayon dito sa Dubai? At bakit naman sinabi ni Karen sa lalaking iyon na nandito siya?

CHAPTER *Two*

“Hi, bestie, buti na lang tumawag ka.”
Saktong nakalayo na siya sa restaurant nang tumunog ang kanyang cellphone at ang best friend niyang si Tricia ang nasa kabilang linya.

“Bakit naman aber?” sabi nito.

Lumingon muna siya. Nang makita niyang hindi nakasunod si Alexander saka siya sumagot. “Eh, kasi may papampam dito sa kinakainan kong restaurant. Nakakairita! Bayaran ba naman ang inorder ko.”

“Ayaw mo n’un? Libre na pagkain mo.”

“May pambayad naman ako, allowance from the company.”

“Okay lang ’yan. At least, makakabawas sa gastos ng company.” Sinundan nito ng tawa ang

sinabi. “Anyways, kumusta naman ang biyahe mo? Sayang, sana nakasama ako sa ’yo. Hindi naman kasi ako makapagpaalam sa work dahil ang daming deadline na kailangang tapusin. Next time pipilitin ko talagang makasama para makagala tayo.”

“Okay naman ang flight ko. Medyo pagod pa rin ako. Naglakad-lakad lang ako sa labas ’tapos nag-dinner na ako para makapagpahinga na. Maaga pa kasi ako gigising bukas. Nakakainis, ang bagal bumaba ng elevator! At eto pa, bestie, mukhang nasa likod ko na itong mokong na ’to. Hindi ko alam kung sinusundan ba ako o ano. ’Kaasar,” mahinang sabi niya sa kaibigan para hindi siya marinig ni Alexander. “Tawagan na lang kita later, ha? ’Bye.”

Ilang saglit lang ay tumunog ang cellphone niya. Nag-message si Tricia.

Guwapo ba? Kung guwapo, i-entertain mo na kasi para magka-BF ka na. Hahaha! Besides, nand’yan ka sa Dubai. Samantalahin mo na.

Nag-reply siya rito, *Ah, gan’un? So ibubugaw mo ako? Jologs ka talaga!*

Ibang lahi ba?

Fil-Am, maikling tugon niya.

Ah, kaya binabaan mo ako ng telepono kasi maiintindihan niya ang conversation natin.

Please lang, Nicole, 'wag kang supladita. Paano ka magkaka-BF niyan kung lahat na lang ng lalaki ay pagsusupladahan mo, payo ni Tricia.

Aktong pipindutin na ni Nicole ang number 4 sa panel ng elevator nang pindutin na iyon ni Alexander. Napatingin siya rito at nakita niyang nakangiti ang lalaki sa kanya. Gumanti siya ng ngiti.

“Thanks.” Naisip tuloy niya kung nakailang pasalamat na kaya siya sa lalaking ito.

Parehas nga sila ng floor na tinutuluyan at magkatapat pa ang kanilang mga silid.

Aktong papasok na siya ng room niya nang bigla itong nagsalita. “Good night, Nicole.”

“Good night, Alexander. Thank you,” aniya, sabay sarado ng pinto. Umupo siya sa kama at tinawagan si Tricia.

“Guwapo ba? Sige na, share mo naman,” agad na bungad nito.

“Oo na. Typical American, matangkad, guwapo, mapungay ang mga mata, red lips, at may dimples. 'Yun nga lang, may mga tattoo siya sa braso. Feeling ko bad boy siya na walang gagawin kundi ang manloko ng babae. For sure, 'yun ang hanap niya dito sa Dubai. Anyways, I'm not interested. Besides, ibang lahi, no way. Alam mo naman ni sa panaginip

ay hindi sumagi sa isip ko na magka-*jowa* ng foreigner.”

“Tungik, ’yan na nga ang chance mo para makipag-flirty-flirty kuno. Nand’yan ka naman sa Dubai so walang makakakita sa gagawin mo.” Binuntutan nito ng tawa ang sinabi.

“Ganern? Okay lang mag-flirty-flirty kasi wala ako sa Pilipinas. Jologs ka din, ’noh! Mamaya niyan serial killer or rapist or may HIV. Yucks! No way!” At tumawa siya.

Napaikot ang mga mata ni Tricia sa narinig mula sa kanya. “Ito naman kung mag-isip, serial killer, rapist or may HIV... agad-agad? Hindi ba puwedeng makipag-friendly date man lang muna?”

“No no no.” Umiling-iling pa si Nicole kahit hindi siya nakikita ng kaibigan. “Hindi ako nagpunta dito para makipag-flirty-flirty. Remember, nandito ako para sa training. Sige na nga, *babush*. Matutulog na ako at maaga pa akong gigising bukas.”

“Sige na nga, *babush* din. But please don’t forget the pasalubong.”

“Oo na po, may pasalubong ka pag-uwi ko. Sige na, bestie, good night. ’Bye.”

“Bye, ingat sila sa ’yo d’yan sa Dubai, este, ikaw pala ang mag-ingat d’yan. ’Night.”



Handa na si Nicole para sa kanyang training nang araw na iyon na magsisimula ng alas nuebe. Palabas na siya ng silid niya nang bumukas ang pinto ng kuwarto ni Alexander.

“Good morning, Nicole,” nakangiting bati nito sa kanya.

“Morning, Alexander.”

Sa isip niya, ang kulit talaga ng taong ito. Coincidence ba ito or sinasadya nitong talaga?

“Andito ka ba para sa business trip din?” naisip niyang itanong.

Umiling ito. “Hindi, nagpunta ako dito para magbakasyon. Five days na ako dito. Gaya nga ng s’abi ko sa ’yo kagabi nang malaman ko na babalik ka dito sa Dubai ay nagplano na rin akong magbakasyon ulit.”

“Really?”

“Late ka na ba sa training mo?”

“Nope.”

“Puwede bang ma-invite kitang mag-breakfast?”

“Okay.” Kahit nag-aalangan ay pumayag siya. Sa coffeeshop din naman ang tuloy niya.

“So, Nicole, ilang araw kang mamamalagi dito sa Dubai?”

“More than one week.”

“That’s short..”

“Yes.” Pagdating sa lobby, dumerecho na sila sa coffeeshop. Habang nakapila sila ay nagsalita si Alexander.

“Why don’t you look for a place to sit and I’ll get our order? What would you like?”

“Yeah, that’s a nice idea, I’ll just have macchiato, please.”

“Only coffee? How about muffin or croissant?”

“No, thanks.” Umiling lang siya at naghanap na ng maupuan.

Habang naghihintay na makapag-order si Alexander, pinagmasdan ito ng dalaga. Honestly, guwapo ito at first time yata siyang naka-encounter ng ganito kaguwapong lalaki. Siguro nga mas mabuti na ang maging casual kaysa pagsupladahan niya ang bagong kakilala. Ie-entertain na lang niya ito tatal mukha namang harmless. Naisip niyang wala namang mawawala sa kanya kung subukin niyang maging magkaibigan sila ni Alexander o siguro nga it’s time para bigyan niya ang sarili ng pagkakataon na ma-in love. Pulos trabaho na lang ang inaatupag niya.

Nasa ganoong tema ng alaala si Nicole nang

lumapit si Alexander at inilapag ang order nila. “Mukhang ang saya-saya mo, ah. Ano’ng meron?”

“Wala naman, may naalala lang ako.”

Napansin niyang nakangiti rin ito. Inilagay nito sa harapan niya ang kanyang kape.

“Thank you.” Naupo na ito sa tapat niya. “So Alexander, sino’ng Filipino sa parents mo?”

“Ang mom ko ang Filipino at ang daddy ko naman ay Amerikano,” kuwento nito. “I’m so glad I met someone na marunong ding mag-Tagalog.”

“That’s nice na marunong kang mag-Tagalog. At least, hindi na ako mahihirapan pang makipag-usap sa ’yo para hindi na ako ma-nosebleed sa kaka-English,” pabiro niyang sabi.

“Salamat. Anyway, masaya akong nagkita ulit tayo dito sa Dubai.”

“Same here.”

“Ang parents ko ay nagtatrabaho sa iisang kompanya. Then, doon na nag-start ang lahat, ang kanilang love story.”

“Talaga? Magkasama pa rin sila hanggang ngayon?”

Tumango ang binata. “Yes. Actually, thirty-five years na sila together.”

“Wow! As far as I know, bibihira sa inyo ang

nagtatagal sa isang relationship.”

Ngumiti lang si Alexander. “Hindi naman siguro lahat. Pero hanga ako sa parents ko kaya sana makatagpo din ako ng babaeng katulad ng mom ko. She’s so kind, pasensyosa, understanding, caring.”

“Ah, naghahanap ka ng Filipina girlfriend. ’Yun ba ang ibig mong sabihin?”

“Maybe, pero mukhang natagpuan ko na siya six months ago pa.”

Namilog ang mga mata ni Nicole. “Oh, really?” Bakit feeling niya siya ang pinaririrangan nito?

“Wala kasing babaeng nakabighani sa akin na katulad ng nararamdaman ko sa ’yo.” Lalo tuloy namula ang mukha niya.

“Seriously?” Iyon na lang ang naging tugon niya. Ba’t ba kasi ganito ang nararamdaman niya? *I’m so old para maging ganito ang reaction and obviously, mas matanda siya sa akin.* Wala na tuloy siyang masabi. Biglang umurong ang dila niya.

“Nag-rent nga pala ako ng kotse. Puwede kitang ihatid sa training mo.”

“Naku, ’wag na, may shuttle naman. Besides, hindi ko tanda ’yung address ng training center namin. Thirty minutes pa at parating na rin naman ’yon.”

“So anong oras ang tapos ng training mo? You can add my number para ma-send mo ang location mo. Puwede kitang sunduin.”

“Actually, wala akong Dubai number. Nakiki-WiFi lang ako. Wala pa akong time bumili ng SIM card. Siguro mamaya after ng training.”

Pero naisip niyang hindi na niya kailangang bumili ng SIM card para magkaroon ng Dubai number as long as may free WiFi.

“How about *Facebook*? Can I add you? Para ma-message kita.”

“Ang kulit mo, ’noh! First, I have no idea kung anong oras matatapos ang training. Second, kakikilala ko lang sa ’yo, do you think ia-add kita sa *FB*? Third, are you stalking me?” hindi na niya napigilang sabihin. Ngumiti si Alexander.

“Hindi ako stalker. But honestly speaking, I like you. Gagawin ko ang lahat makilala ka lang nang lubusan, Nicole.”

“Oh, really? Hindi mo ba naisip na baka may boyfriend na ako or may-asawa? Ang kulit mo talaga, promise.”

“Sa tingin ko naman wala ka pang asawa dahil wala kang suot na singsing. Boyfriend, okay lang. At least, may pag-asa pa ako.”

Hindi napigilan ni Nicole ang matawa. “Really? Pinapatawa mo talaga ako. Kulit mo... Anyways, kailangan ko nang umalis at baka naghihintay na ang shuttle ko sa labas. Thank you sa dinner kagabi at sa breakfast, pero sana huling panlilibre mo na ito sa akin. ’Bye, Alexander.”

Tumayo na siya at lumabas ng coffeeshop.

CHAPTER *Three*

Ramdarn niyang sumunod pa rin si Alexander. Napailing siya. “Ihahatid na kita sa labas,” sabi nito at sinabayan siya sa paglalakad.

“Wala ka bang lakad today? Nakabakasyon ka, di ba? Dapat nag-e-enjoy ka.”

“Okay lang, makakapaghintay ang pamamasyal ko. Malungkot mamasyal nang walang kasama. So hopefully, puwede tayong mamasyal together.”

“Huh! You wish,” sabi niyang nakangiti. Hindi niya akalaing magkikita ulit sila ni Alexander. Mag-iinarte pa ba siya o pa-hard to get? Ilang beses na siyang nagpabalik-balik ng Dubai, pero ngayon lang talaga siya naka-meet ng katulad ng lalaki.

May tumigil na mini-bus na may nakalagay na pangalan ng kanilang kompanya.

“So this is it, Alexander. Aalis na ako at nand’yan na ang bus. ’Bye.” Iniwan na niya ang lalaki upang sumakay sa bus.

“Bye, Nicole,” narinig niyang wika nito.

Pag-upo ng dalaga ay napansin niyang kausap ng driver si Alexander. Ilang saglit pa’y nakita niyang tumingin sa gawi niya ang huli at kumaway bilang paalam.

It’s such a nice day... naisip niya.

Naging busy ang buong maghapon at hindi na namalayan ni Nicole na tapos na pala ang training. Habang naglalakad palabas ng building ay nakita niya si Alexander. As usual, guwapong-guwapo ito sa suot nito. Ruggedly handsome and tall. Halos lahat ng dumadaang mga babae ay napapalingson dito.

“Oh, my gosh!” Hindi siya makapaniwalang makikita niya ito sa training center. Seryoso ba talaga ang taong ito na makilala siya nang lubusan?

“Hi, Nicole! Kumusta ang training mo? Hope na hindi boring.”

“It’s good and very productive.”

Tumango-tango ito. “Good to hear that. Let’s

go?”

Bigla ay nairita siya. “Anong ‘let’s go’? Teka nga, ano pala’ng ginagawa mo dito, Alexander?”

“Andito ako para sunduin ka para hindi ka na sasabay sa shuttle. I have car, remember? So puwede kitang ihatid-sundo. Isa pa, kinausap ko kanina ang driver n’yo na ako na’ng bahala sa ‘yo,” nakangiti nitong sabi.

Tumaas ang kilay ng dalaga. “Are you my driver para ihatid-sundo mo ako?”

Hindi ito natinag sa pagsusuplada niya. “I can be your driver... your tourist guide... your boyfriend while you’re here in Dubai.”

“Oh, really? Napakabait mo naman para gawin iyon.” Nagsimula na siyang lumakad palabas ng training center.

“Wait, Nicole.” Hinawakan nito ang kamay niya. At naramdaman niya ulit ang boltahe ng kuryenteng nanulay sa kanyang mga ugat nang magdikit ang kanilang mga balat.

“Nand’un ang sasakyan ko,” turo nito sa left side ng building. “Huwag ka nang magalit sa akin. Gusto ko lang naman na maging komportable ka kesa sumakay ka pa sa bus n’yo. Bukod sa marami kayong ihahatid, wala ka pang privacy.”

Pagbibigyan ko ba or what? Nagdadalawang-isip pa siya kung papayag ba o hindi sa gusto ng kausap.

“Okay, fine.” Hinila niya ang kamay na hawak nito at nagpatiuna na patungo sa kotse nito.

Nangingiting naiiling lang si Alexander.

CHAPTER *Four*

Pinagbuksan siya nito ng pinto ng sasakyan. Isa
iyong *Cadillac*.
“Nice car,” sabi niya.

“Yup... Nicole, pagod ka na ba? Puwede tayong
mag-dinner kahit saan bago bumalik sa hotel. Para
naman hindi ka kaagad manawa sa pagkain doon.”

“Ikaw ang bahala.”

“Saan mo gustong kumain?”

“Kahit saan basta ’wag lang Arabic, Indian, Thai,
Mexican or seafood restaurant.”

“So okay lang ba sa ’yo ang Chinese food?”

“Yup. Remember I’m from the Philippines so I
eat Chinese food.”

“Okay, *PF Changs* then...”

Pagdating nila sa nabanggit na kainan ay iginiya sila ng receptionist sa magiging table nila.

Hinila ni Alexander ang isang silya para makaupo siya.

“Thank you.” Lihim siyang kinilig. *Wow, gentleman talaga! Ganito kaya siya sa lahat ng babae na makasama niya?*

Lumapit ang waiter na kukuha ng order nila.

“Good evening, Ma’am and Sir. Welcome to *PF Changs*. My name is Leo and I will be assisting you. Here’s the menu. Just call me if you’ve already decided what to order.”

“Okay, thank you,” sagot ni Alexander. “Ano’ng gusto mong orderin?” tanong nito sa kanya.

“Dynamite shrimp. Share na lang tayo, hindi ko naman mauubos. Saka Mongolian beef at fried rice. At lemon mojito. Ikaw na ang bahalang magdagdag if you like.”

“Okay.” Tinawag na nito ang waiter para umorder.

Abala ang dalaga sa pagbabasa ng email sa kanyang cellphone nang dumating ang kanilang drinks at appetizer.

“Let’s eat, Nicole,” untag ni Alexander sa kanya.

“Okay.” Ibinaba niya ang cellphone sa mesa.

“Ilang taon ka nang nagtatrabaho sa *Honda*?”
umpisa nito sa usapan.

“Three years. Nauna akong nagtrabaho sa admin department bago naging training specialist.”

“I see,” anitong tumango-tango.

“Ikaw, ano’ng ginagawa mo dito sa Dubai? Siguro may tinakasan kang girlfriend sa US,” aniyang pinigilang tumawa.

“As I’ve told you, I’m on vacation here. At wala akong tinakasan na girlfriend sa US.”

“Alam mo namang nagbibiro lang ako, di ba?” nakangiting tanong ni Nicole.

“Of course,” nakangiti rin nitong sagot. “Kelangan ko munang magpahinga, masyado nang stressful sa work. At para na rin makapaghanap ng someone special.”

“So dito ka pa talaga maghahanap sa Dubai. For sure, ang daming magagandang babae sa US. Blonde, long-legged, liberated.”

“Yup, marami talaga. Pero wala sa US ang hinahanap ko. Mukhang dito ko siya natagpuan sa Dubai.”

“Talaga lang, ha? Dito pa sa Dubai,” nangingiti niyang sagot. Nagsisimula na naman ang lalaki sa mga pahaging nito sa kanya. Feeling niya tuloy ay

ang pula-pula ng mukha niya.

“You’re so cute, Nicole, kapag nag-blush ka,” komento nito habang titig na titig sa kanya.

“Puwede bang huwag mo naman akong asarin, hindi ako komportable.” Muli niyang kinuha ang kanyang cellphone mula sa mesa. Hindi niya kasi matagalan ang makipagtitigan dito.

Nang dumating na ang lahat ng inorder nila ay kumain na sila.

“Nicole, gusto mo bang magpunta sa mall pagkatapos nating mag-dinner?”

“Sige ba. Siguradong hindi ako makakaalis bukas pagkatapos ng training. I’ll take this opportunity para makabili ng mga pasalubong. Hay, naku! Ang daming ibinilin sa akin na pasalubong. Good luck sa ’kin.”

“Okay lang ’yun, tutulungan na lang kitang maghanap ng pasalubong para sa mga friends mo. Kung tapos ka nang kumain, puwede na tayong umalis.” At tinawag na nito ang waiter para makapagbayad na. “Tara na,” aya ni Alexander sa kanya matapos bayaran ang kanilang bill.

“Yes! Let’s go.”

“Since malapit lang naman sa hotel natin ang *Dubai Mall*, doon na lang tayo magpunta. Kung

maaga-aga pa puwede sana tayong pumunta sa *Burj Al-Khalifa* tatal nand'un na rin ang entrance.”

“Next time na lang siguro. May four days pa naman ako na puwede nating ipasyal.”

“I’m happy na isasama mo ako sa pamamasyal.”

“Well, naisip ko lang kasi na hindi mo rin naman ako titigilan kahit tumanggi akong isama ka. At least, hindi ako mag-isang mamasyal.”

Nakarating na sila sa mall.

“Nicole, ano’ng balak mong bilhin?” tanong ng binata habang naglalakad sila.

“For my best friend, any souvenir item. For my officemates, maybe chocolate na lang. Masyado ng bibigat ang luggage ko.”

“Mamasyal na muna tayo bago mamili. Nakapunta ka na ba sa *Aquarium and Underwater Zoo*?”

Umiling siya. “Hindi pa. Last time na nagpunta ako dito, dinala ako nina Karen sa Desert Safari. Isang araw lang ako nakapamasyal. Masyadong busy sa training.”

“Alas seis pa lang naman so malilibot natin ang buong aquarium.” Hinawakan siya nito sa kamay at hinila na para makapagbayad ng entrance fee.

“O sige, maaga-aga pa naman.”

Nang makapasok sila sa loob, marami ang nag-picture-taking. Tuwang-tuwa ang mga bata habang kasama ang mga magulang.

“Wow!” comment niya nang makita ang kabuuan ng aquarium.

Dumaan sila sa gitna ng malaking aquarium na pati sa itaas ay makikita ang sari-saring isda na naglalanguyan. Nakita rin niya ang iba’t ibang klase ng pating. Masyado siyang abala sa panood sa mga isda kaya hindi na niya napansin na kinukuhanan na siya ni Alexander ng pictures sa mobile phone nito. Nang mahuli niya ang lalaki ay ibinaba nito agad ang aparato.

“Sorry, natutuwa lang kasi akong kuhanan ka ng picture. Para kang bata na tuwang-tuwa sa mga nakikita.”

“FYI, bata pa talaga ako,” pabiro niyang sagot. “Tigilan mo na’ng kakakuha ng pictures sa akin dahil kapag nakuha ko ’yang cellphone mo ay ide-delete ko rin ’yan.”

“Well, Miss Beautiful, ’yun ay kung makukuha mo ang cellphone ko,” nakangiti nitong sagot. “Halika, doon naman tayo sa side na ’yun.” Muli, hinawakan nito ang kamay niya at dinala siya sa malaking aquarium na may mga divers sa loob.

“Nakapag-try ka na bang mag-dive katulad ng mga ‘yan?” turo nito sa mga taong nasa loob ng aquarium.

“Hindi pa po. Parang nakakatakot pumasok sa loob niyan o kahit sa dagat pa. Baka makain lang ako ng pating.”

“So takot ka sa pating?”

“At bakit? Don’t tell me na hindi ka takot sa pating?”

“Hindi naman sa hindi takot, pero syempre kung isasama man kitang mag-dive ay doon tayo pupunta sa walang pating. Besides, ‘andito naman ako at hindi kita pababayaang makagat n’un. Ihaharang ko ang katawan ko, ‘wag ka lang makagat.”

Sinimangutan niya ito. “Alam mo, ang corny mo. Ganyan ka ba talaga sa lahat ng nakakasama mong babae? Puro ka biro.”

Tumawa ito nang mahina. “Miss Nicole, una sa lahat, hindi ako basta-basta sumasama sa kung sino-sinong babae. Pangalawa, hindi ako corny. Nagsasabi lang ako ng totoo. Dahil talagang ipagsasanggalang ko ang katawan ko, huwag ka lang masaktan.”

“Wow, ang lalim!” Naiiling na lang siya habang nakangiti. It’s too early, pero bakit ganito ang nararamdaman niya sa taong ito? Bukod sa napaka-vocal ay napaka-sweet pa. Hindi ito nahihiyang

sabihin kung anuman ang gusto nitong sabihin. Mukhang wala yata sa bokabularyo nito ang salitang 'torpe'. Naiilang tuloy siya sa mga sinasabi nito.

“Gusto mo bang mag-try na mag-helmet diving then pa-picture tayo?”

“Naku! Next time na lang at mamimili pa tayo ng pampasalubong ko,” tanggi niya.

“Sige na, i-try natin. Kasama mo naman ako so hindi mo kailangan pang matakot.”

“Alexander, wala tayong baong damit.”

“Oh, come on, Nicole. Tingnan mo nga sila, nakasuot naman sila ng pang-diving.” Inilahad pa ni Alexander ang kamay sa gawi ng divers. “Tara, ngayon na natin subukan at ’andito na rin tayo.”

“Hindi ka rin talaga makulit, ano! Fine, pero ang gusto ko ay nasa loob tayo ng cage at naka-helmet.”

“Okay, Miss Nicole, deal.” Nagbayad na ito ng additional fee para sa aquatic experience nila. Binigyan na sila ng scuba diving attire.

Nang makapagbihis na sila ay iginiya sila ng staff sa itaas papunta sa cage. Nakaalalay sa kanya si Alexander. Gaya nga ng sinabi nito ay hindi siya pinabayaan. Kinabahan pa noong una ang dalaga, pero hindi naglaon ay nag-enjoy na siya. Kung kanina ay nakikita niya lang sa labas ang mga isda,

ngayon ay dumaaan na ang mga ito sa mismong harap niya. Nang may dumaang shark ay kinabahan siya. Pero nasa tabi lang si Alexander at itinuturo ang iba't ibang isda at pating na nasa kabilang side.

Hindi nila namalayan na twenty-five minutes na pala silang nasa tubig. Nakita nilang sumenyas ang master diver na tapos na ang oras nila.

“Wow, I’m speechless!” Tuwang-tuwa si Nicole sa new experience niya. Tumingin siya sa kasama habang nakangiti. “Thanks a lot, Alexander, nag-enjoy ako nang sobra. Nakakatakot ’yung mga sharks lalo na sa malapitan, pero since nand’yan ka ay na-overcome ko ang takot ko. Thank you talaga.”

“Masaya ako na nagustuhan mo. Sige na, mag-shower na tayo. Magkita na lang tayo after fifteen minutes.”

“Okay.”

Matapos nilang maligo ay nagkita sila sa labas ng shower rooms at sabay na lumabas sa *Aquarium and Underwater Zoo*. Dahil mag-a-alas ocho pa lang ng gabi ay nagpasya silang mag-ikot muna bago nagtungo sa supermarket para mamili ng souvenirs at chocolates.

Ewan ba ni Nicole pero mukhang nawala na ang pagkailang niya sa binata. Si Alexander ang nag-

insist na magbayad sa lahat ng mga pinamili niya.

“If you keep on paying, mas mabuti pang ito na lang ang huli nating pagsasama. I really don’t like it na ikaw ang magbabayad ng lahat ng bibilhin ko samantala ako dapat ang magbayad,” sabi niya sa lalaki.

“Nicole, please, hayaan mong ako ang magbayad. Pera lang ito. Besides, hindi naman gan’un kalaki ang mga binayaran ko. Mas lalo namang hindi ko hahayaan na ikaw ang magbayad. It just happened that I have a lot of money, so please stop worrying.”

Bumuntong-hininga siya. “Since tapos na tayong mamili, puwede bang bumalik na tayo sa hotel? Inaantok na rin ako at napagod nang husto,” pagdadahilan na lang niya.

“Ikaw ba walang balak na bumili para sa sarili mo?”

Definitely, no... sa isip-isip niya. “No, I’m good. Puwede bang umuwi na tayo?”

Sumakay na sila sa kotseng nirentahan ni Alexander. Minabuti niyang ipikit ang mga mata upang iwasang makipag-usap sa kasama. Naiirita talaga siya.

Ilang minuto pa ay nasa hotel na sila. Binitbit na ni

Alexander ang lahat ng pinamili nila. Pagkarating sa floor nila ay pilit niyang kinuha sa lalaki ang mga dala nito pero ayaw nitong ibigay.

“Ako na, Nicole. Buksan mo na lang ang pinto at ako na ang bahalang magpasok nito sa loob.”

“Ibigay mo na sa akin tatal hindi naman gan’un kabigat ang mga iyan. Ako na, please.”

Umiling ito. “No, Nicole, ako na. It’s either buksan mo ang pinto or pareho tayong maghihintay dito sa labas.”

Napailing na lamang ang dalaga sa kakulitan ng taong ito. Hiniling niyang sana ay pinagsupladahan na lang niya si Alexander sa halip na in-entertain. “Okay, fine.” Binuksan na niya ang pinto at pinauna itong papasukin.

“Ladies first,” sabi nito sa kanya.

Umikot ang bola ng mga mata niya. Nagpatiuna na siyang pumasok ng silid kaysa makipag-argumento rito.

“Alexander, pakilagay na lang sa table ang mga pinamili natin. Do you want something to drink? Tea or coffee?”

“Yes, Nicole. Tea, please.” Naupo na ito sa sofa.



“There you go.” Inilapag niya ang inumin nila

sa center table. Umupo na rin siya sa kabilang side ng sofa at binuksan ang television.

After a while, nagsalita si Alexander. “I know you’re upset. Dahil ako ang nagbayad ng mga pinamili mo. But please, Nicole, sana naman hindi ito maging issue between us. Lalong hindi ko hahayaan na ikaw ang magbayad. I’m just being a gentleman here.”

Umiling siya. “It’s not okay, really. I feel so cheap. Hindi ako sanay na may magbabayad ng mga bibilhin ko. Una sa lahat, kakikilala lang natin. Ni hindi nga kita kaibigan para bayaran mo ang mga pinamili ko. Anyways, just forget about it.”

Napangiti na ito. “So hindi ka na galit sa akin?”

“Hindi naman ako galit, naiinis lang. Ang kulit mo kasi,” tugon ni Nicole.

“I’ll go ahead para makapagpahinga ka na,” anito, sabay tayo.

Tumayo na rin siya para ihatid si Alexander sa pinto. Akmang bubuksan na niya iyon nang pigilan siya nito.

“Just wait,” sabi nito. “I’m so happy today dahil napansin mo na ako. The other night pa kita nakita sa reception habang kausap mo ang receptionist kaso ni hindi mo man lang ako napansin. Even sa elevator,

sobrang busy mo sa cellphone mo. Mas sumaya ako nang malaman ko na magkapareho pala tayo ng floor at magkatapat pa ang rooms natin.

“Maybe it’s coincidence, but I’m really, really happy. Alam kong iniwasan mo ako pero masaya ako na nakasama kita. Nang makita kita six months ago, alam ko na iba ka sa lahat ng mga babaeng nakilala ko. Hindi sa pagmamayabang, pero sila pa ang lumalapit sa akin. Pero ikaw? You seem so different.

“I know it sounds crazy, pero sinadya ko na buksan ang pinto ng room ko para paglabas mo ay makasabay kita pababa. And things went smoothly kasi pumayag ka sa invitation ko for breakfast.”

“Really?”

“Really. You make me happy, Nicole, and I hope na sa natitirang araw mo dito sa Dubai ay magkasama tayo palagi. I will be honest, I like you so much. Since, the time na magkita tayo six months ago. Sana hindi ka galit sa akin, sa mga ipinagtapat ko sa ’yo.

“Sana bigyan mo pa ako ng chance na makilala ka nang husto, Nicole. I hope you’re not upset with my revelation ’coz I still want to know you more. Please?” Hinawakan nito ang pisngi niya para iangat

ang kanyang mukha.

Natulala na lang si Nicole. Ni hindi niya alam kung ano ang isasagot sa binata. First time para sa kanya na may isang lalaki na naglakas ng loob magtapat. First time din niyang makarinig ng ganitong revelation from a guy. Nakadalawang nobyo siya noon pero nangyari lamang iyon dahil sa pambubuyo ng mga kaibigan at mga kaklase nila. Sa malas ay hindi naging successful ang dalawang relationship na iyon. Mas pinili niya ang pag-aaral kaysa maging seryoso sa relasyon. Mas gusto pa rin niyang makatulong sa mga magulang at matulungan sa pag-aaral ang tatlo pa niyang kapatid.

“I know you’re shocked, pero gusto ko lang maging honest sa nararamdaman ko. And I’m glad nasabi ko na ang nararamdaman ko sa ’yo. Nicole.” Hawak pa rin nito ang mukha niya at nagtitigan sila. “Aalis na ako para makapahinga ka na.” Hinalikan siya nito sa pisngi at lumabas na ng kanyang silid.

Nahawakan na lang ni Nicole ang pisngi na hinalikan ni Alexander. Super shocked talaga siya sa revelation nito. Napaupo na lang siya sa kama niya at natulala.